IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume III, Issue 4 April 2023, eISSN: 2799-0664

# Dokumentaryong Pagsusuri ng mga Maikling Kuwento ng Isang Bayan ng Camarines Sur

**JESSA ARMILLOS ARMAS**
Teacher – III, Nabua National High School, Nabua Camarines Sur
MAED – Filipino , Unibersidad de Sta Isabel, Naga City
armasjessa20@gmail.com

*Abstrak* — Pangunahing layunin ng pag-aaral sa Dokumentaryong Pagsusuri ng mga Maikling Kuwento sa bayan ng Nabua. Sinagot sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod: 1) Ano-ano ang mga natatanging maikling kuwento sa isang bayan ng Nabua? 2)Ano-ano ang mga kultural na dimensiyon na masasalamin sa iba't – ibang maikling kuwento sa bayan ng Nabua sa lalawigan ng Camarines Sur. Batay sa: (a. Tradisyon, b. Relihiyon, c. Pamumuhay, at d. Kaugalian). 3) Ano-ano ang mga salik na nakakaapekto sa pagpapanatili ng kaalaman hinggil sa Maikling Kuwento? 4) Ano ang maipapanukala na makapagpapaunlad ng maikling kuwento batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

Sa pananaliksik na ito, maingat na gumamit ng paraang (Micro-etnograpikong pag-aaral) ang mananaliksik. Ito ang panlipunang pag-iimbestiga at pagtuklas sa mga panlipunang konteksto na ipinapakita ang pagpapahalaga sa wika, kultura, tradisyon at sa panitikan. Ginawa ang pakikisalamuha, pakikipanayam at pag-oobserba sa lugar upang edokumento ang mahahalagang datos na may kaugnayan sa pag-aaral na ito. Naghanda ang mananaliksik ng mga talatanungan upang maging gabay at suporta sa dapat na sagutin ng mga respondente.

Natuklasan na mayroong mga tagong yamang panitikan maikling kuwento na sumasalamin sa kultural na dimensyon. Nangibabaw sa mga kuwento na sumasalamin sa kultural tulad ng kuwentong katatakotan, pakikisalamuha, pananamapalataya, ugali, disiplina, at ang simpleng pamumuhay noon. Nagsilbi rin itong repleksyon at daluyan ng masining na imahinasyon ng bawat indibidwal batay sa realidad na nagaganap sa kanyang lipunan o batay sa kanyang karanasan. Higit na kinakailangan na mapreserba at mapahalagahan ang mga natatanging panitikan ng pagkakakilanlan upang magamit at malaman pa ito ng mga susunod na henerasyon. Kaugnay na rin dito ang ilang mga salik na natuklasan na maaaring nakakaapekto sa pagpapanatili ng mga maikling kuwento.

Sa kabuoan, makabuluhan ang pag-aaral dahil bawat mamamayan muling binalikan ang lokal na maikling kuwento mula sa nakaraan na kapupulotan ng aral at magagamit ng susunod na henerasyon. Nilikom ng mananaliksik upang magsilbing kagamitan at pumukaw sa interes ng mga mambabasa. Maging karagdagan sa kagamitang pampagtuturo ng mga guro. Mababanaag ninyo ang pagtalunton mula sa nakaraan at mabigyan ng panibagong kaalaman tungkol sa maikling kuwento na sumasalamin sa kultural na dimensyong tradisyon, relihiyon, pamumuhay at kaugalian.

***Mga Susing Salita — Dokumentaryong Pagsusuri, Maikling Kuwento, Bayan ng Nabua Camarines Sur, Kultural na Dimensyon: Tradisyon, Relihiyon, Pamumuhay at Kaugalian***

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

## I. Introduksyon

Patuloy sa pag-ikot ang ating mundo, kasabay na rin ang pag-ikot ng panitikan sa buhay ng tao. Sumasalamin ang panitikan sa kultura ng isang lugar, pagkakakilanlan ng isang lahi at nagsisilbing tulay upang mabatid natin ang kaugnayan ng kasalukuyan sa nakaraan. Malayang naipapahayag ng mga tao ang kanilang sariling saloobin o damdamin kasama na rito ang panitikang maikling kuwento na kung saan tumatalakay sa tradisyon, relihiyon o pananampalataya, pag-uugali, paniniwala, naglalarawan ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, at mga karanasan sa buhay. Sa pag-usbong ng modernisasyon, patuloy na ikinikintal sa mga isipan ang kahalagahang naidudulot nito sa pagkakaisa ng mga damdamin, pagkatuklas, pagpreserba at napapalitaw ang identidad ng isang lahi.

Bilang isang mamamayang Pilipino, gampanin natin na patuloy na mapreserba, pagyamanin at tangkilikin ang akdang panitikang sariling atin na kung saan masasalamin ang kultural na dimensyon ng ating pagkakakilanlan. Katuwang na rito ang mga paglabas ng mga memorandum: Saligang Batas 1987, Artikulo XIV, Seksyon 15 na binibigyan diin na dapat tangkilikin at pangalagaan ng estado ang sining at panitikan. Ayon din sa CHED Memorandum No. 44 kung saan itinalaga ang tatlong (3) yunit para sa pagtuturo ng Panitikan ng Rehiyon. At Batay sa RA 10533 "Enhanced Basic Education Act of 2013", Sec.10. 2 (d) and (h) na mas kilala sa tawag na K+12 na may kinalaman sa kontekstuwalisasyon at na nagalalayong buhayin, pagkilala at pagpapahalaga sa mga lokal na likha, makapagtaguyod, at makasuporta ng isang kompleto, sapat at pinagsama-samang edukasyon na may kaugnayan sa pangangailangan ng tao, ng bansa at ng buong lipunan sa pangkalahatan. Lumalabas sa kautusan na ang Kagawaran ng Edukasyon na patuloy sa paghubog ng kurikulum upang maging behikulo sa pagtatagumpay ng mga mag-aaral upang linangin ang mga kinakailangang kaalaman at kasanayan sa mga usaping pangwika at kultura na gagamitin sa pagtuturo gaya ng pagbubuo ng lokal na kagamitang panturo na maghahanda sa mag-aaral sa kanilang malaking papel sa lipunan.

Sa pag-aaral na ito, makikita na binigyang pokus sa pagtuturo ang mga sinuring maikling kuwentong panitikan na sumasalamin sa kultural na dimensyon na natuklasan sa natatanging yamang pampanitikan sa Bayan ng Nabua, Camarines Sur. Kung saan makakalap ang iba't ibang maikling kuwento na nagpasalin-salin mula sa mga ninuno hanggang sa kasalukuyan. Sa katunayan, may mga nababasa o nakikita na tayong mga Panitikang Bikolnon mula sa mga nakatala sa mga pahayagan, jornal, aklat, magasin at iba pang hanguan na huhubog sa panitikan ng sariling lugar. At maraming mga bikolano ang nakikilala na sa larangan ng pagsulat ng mga akdang pampanitikan na nakatala sa wikang Bikol na pinahihintulutan na maaaring gamitin sa Kagawaran ng Edukasyon V at ng Komisyon ng Wikang Filipino na mas paigtingin at pahalagahan ang paggamit nito. Makikita rin na naging batis ng mananaliksik ang pag-aaral ni Manforte J. A., (2015) Mga Salaysaying – Bayan sa Partio: Sulyap sa Pagkakakilanlan na siyang nag-udyok upang pagtuunan ng pansin ang pag-aaral ng paksang ito. Ang matuklasan at pagyamanin ang mga panitikang lokal sa isang bayan ng Camarines Sur.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 4 April 2023, eISSN: 2799-0664

Makikita sa pananaliksik na natin na maiuugat ito ng bansa mula sa mga ninuno at mga pangkat etnikong tradisyon. Kakikitaan natin ito ng mga pasalita na naitago sa pamamagitan ng pagbigkas ng mga ito sa bawat henerasyon. Sa modernong panahon ngayon, maraming kinahihiligan sa social media at telebisyon na nagpapabago sa mga paniniwala at kultura ng mga kabataan na nagmumula sa ibang bansa kung kaya't natatakpan at naglalaho na ang mga lokal na panitikan. Kulang ang mga kaalaman maging sa mga maikling kuwento ng bawat isa partikular na sa bayan ng Nabua. Sa pagtuturo, maraming panitikang Bikol ang nababanggit sa mga aklat subalit bihira ang panitikan ng Maikling Kuwento sa bayan ng Nabua kung saan kabilang ito sa Rinconada Area. Napag-aaralan nating ang mga pandaigdigang at nasyonal na kasaysayan samantalang ang lokal na nakaraan hindi napagtutuunan ng pansin. Kung kaya't marapat lamang na ipreserba at pagyamanin ang natatanging pamanang panitikan.

Isang malawakang hamon ngayon sa ating bansa ang dulot ng pandemiya. Dahil dito naging limitado na ang galaw ng lahat at maging ang pag-aaral ng mga estudyante naapektohan na rin. Binigyan tugon ng Kagawaran ng Edukasyon upang patuloy pa rin ang sistema ng pagkatuto ng mga guro at mag-aaral kaya't gumamit ng makabagong teknolohiya at ang tinatawag na blended (modular at online) at iba pang panoorin na magagamit sa oras ng pagtuturo na ginagamit ng video lesson sa mga telebisyon o social media at ang Radio Based. Subalit, mas nagbigay pa ng inspirasyon at determinasyon sa mananaliksi na hindi ito hadlang upang mas paigtingin ang kalidad ng edukasyon maging sa antas ng panitikan.

Magsisilbi itong kasangkapan o kagamitang pampagtuturo tungo sa makabuluhang lokal na panitikan na magiging ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa tulong ng mga guro. Maingat na tinipon ang mga maikling kuwento na mula sa bayan ng Nabua, Camarines Sur upang mabasa ng mga susunod na henerasyon at maaaring maging kagamitan o lunsaran sa pagtuturo sa Filipino 10. Naglalayong ang mananaliksik na mabigyang buhay at kulay ang paggamit nito upang mas mabigyang halaga, mapaunlad, at mapreserba ang panitikang sariling atin na maaaring makatulong upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga paksang tinatalakay at maaaring pagkunan ng lunsaran lalong-lalo na sa pang kotekstwalisasyon ng K-12 Curriculum.

**Kaugnay Na Literatura**

Ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral na natuklasan ng mananaliksik na may kaugnayan sa ang mga ito sa kasalukuyang pag-aaral.

Pinatunayan nina Ilagan (2020), Guromba (2019) na ibinabatay ang maikling kuwento na sumasalamin sa tradisyon ng mga tao na nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan. Dagdag na rin ni Aggarao (2016) mula sa kanyang dokumentaryong pagsusuri na nagpapakita na dapat bigyang pansin ang natatanging kultura at panitikan kasabay ang modernisasyon.

Ayon naman kina Llaneta (2020), Celeste (2016), at Aguila (2017) makikita na inuugnay nila ang mga maikling kuwento sa kaugalian ng mga tao mula sa kanilang lipunanng ginagalawan na nagpapakita ng kanilang pag-uugali.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Batay naman kay Gambosa (2018) at Francisco (2018) sinasabi nila nakakagawa ang mga tao mula sa mga malilikot na imahenasyon mula sa kanilang kapaligiran at sa uri ng kanilang pamumuhay na makikita sa mga kuwentong pasalindila ng mga tao. Pinatunayan rin ito ni Allerite (2016) sa kanyang dokumentaryong pagsusuri na dapat bigyang pansin ang mga kuwento mula sa kuwentong magsasaka na nagmumula sa kanilang totoong pamumuhay.

Mula rin sa mga pag-aaral nina Manforte (2015) at Ilagan (2020) pinatunayan nila mula sa mga dokumentaryong pagsusuri ang iba't ibang natunghayan at nakalap na makikita sa mga maikling kuwento na sumasalamin sa tradisyon, relihiyon, pamumuhay at kaugalian ng mga tao. Kuha ng lente mula sa kinabibilangang lipunan at pagkakakinlalan ng lahi.

Bilang tugon at panukala upang mapaunlad ang maikling kuwento binigyang pansin nina Taday (2017), Gambosa (2018) at Celeste (2016) na lumikha ng isang kagamitang pampagtuturo bilang lunsaran na magagamit sa pag-aaral at pagkatuto.

Sa kabuuan, naiiba ang pag-aaral na ito sapagkat sa kabila ng inilahad na pagkakatulad ng mga nabanggit na literatura at pag-aaral mayroon ding pagkakaiba rito ang kasalukuyang pananaliksik. Dahil binigyang-pansin nito ang pag-aaral na nakatuon sa pagkalap ng mga akdang panitikang Maikling Kuwento na makikita sa Nabua na sumasalamin sa kultural na dimensyon tulad ng Tradisyon, Relihiyon, Pamumuhay at kaugalian. Pagpanukala ng isang kagamitan na naglalaman at nagtatampok ng mga katutubong panitikan ng Nabua na maaaring magsilbing kagamitang pampagtuturo. Pinigtuunan ng pansin ng mananaliksik na maipikita ang pagpeprepeserba o pagpapahalaga sa maituturing na yaman ng ating lahing pinagmulan at mananatiling pundasyon ng kaalaman ninuman. At bilang tugon na rin sa panitikan ng kasalukuyan at sa susunod na henerasyon.

## II. Metodolohiya

Sa pananaliksik kailangan ang mainam at pinakamabisang pamamaraam, istratehiya at pagdulog para epektibo at makabuluhang pagsusuri at pananaliksik.

Ang Teoryang Etnosimbolismo (Ethnosymbolism Theory) na ginamit ni Lliesol sa kanyang aklat, batay sa teorya, may bahaging ginagampanan ng pag-aaral ng kasaysayan sa buhay ng mga mamamayan at kasaysayan ng pangkomunidad na pagkakakilanlan ng ideya, paniniwala, pag-uugali at kaalaman. Nakatutulong ito sa pagkilala nila sa sarili at paghubog sa kanilang kamalayang panlipunan. Kung susuriin isinasakatuparan nito ang pang-araw-araw na buhay sa isang lipanun na maririnig ang iba't ibang kuwentong kultura at tradisyon sa pamayanang kinabibilangan. Malimit lamanag gamitin ang teoryang ito subalit may malaking kaugnayan o salingan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat mababanaag na mas lalong umigting ang pinagsamang teorya at micro-etnograpikong pag-aaral na lubusang payabungin ang mga natatagong yamang panitikan ng bawat lugar.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Balangkas Analitikal


Matutunghayan sa Pigura ang nabuong Balangkas Analitikal ng mananaliksik. Tinuklas at sinuri ng mananaliksik ang dokumentaryong pagsusuri ng iba't ibang maikling kuwento sa bayan ng Nabua sa sumasalamin sa kultural na dimensyon. Makikita na sa unang bahagi na nakapaloob sa bahay ang obserbasyon, pakikipanayam at mga salik. Ang bahay ang mismong sumisimbolo sa pamayanan na kung saan ginawa o naganap ang pag-oobserbasyon sa paligid, pakikipanayaman sa mga mamamayan tungkol sa pag-aaral at ilang mga salik na nakakaapekto sa pagpapanatili ng maikling kuwento sa kanilang lugar. Nagmumula sa kanilang paligid at mismong karanasan ang iba't ibang kuwento. Maaaninag rin sa loob ang landmark ng Nabua na nagbibigay ng pagkakakilanlan sa lugar na maaaring maging panimula sa paghalungkat sa mga natatangi at natatagong kuwento dito.

Kasunod nito ang tila bahaghari na nasasakupan ang buong bahay na nagpapakita lamang na maraming iba't ibang kuwento na tumatalakay sa kultural na dimensyon tulad ng tradisyon, relihiyon, pamumuhay at kaugalian. Binibigyang kulay nito at sinasabing napapalooban ang buong pamayanan ng hitik sa iba't ibang kwento mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan na nagpasalindila sa bawat mamamayan. Muling binubuhay ang mga kuwento na nakatago upang muling masiliyan. Ang mga yapak ang siyang nagsasabi ng mga pinagdaanan sa pagtalunton at pagkalap ng mga impormasyon sa pakikipagsalamuha sa mga tao, pakikipag-ugnay sa mga pasalin-salin na mga maikling kuwento na sumasalamin sa tradisyon, relihiyon, pamumuhay, at kaugalian.

Kung saan patuloy pa rin sa paglalakbay upang maibahagi sa mga susunod na henerasyon ang mga natagong yaman ng bawat lugar sa bayan ng Nabua patungo sa pagkatuto ng bawat tao o mag-aaral at  pagbuo ng kontekstwalidasong kagamitan ng mga lokal na panitikang maikling kuwento na nagpasalin-salin hanggang sa susunod na henerasyon na magbibigay ng kaalaman upang muling masilayan at matuklasan.

Makikita sa aklat na ito ang mga maikling kuewntong panitikan na sumasalamin sa kultural na dimensyon sa pamamagitan ng interbensyong nabuo ang "SIKLO"  Mga Maikling Kuwento Salamin ng Kultural na Dimensyon na kung saan tumutukoy ang Siklo sa pag-uulit ng panahon upang manumbalik ang mga maikling kuwento na nakatago mula sa nakaraan na dapat balikan sa kasalukuyan. Kung saan maingat na kinalap mula sa bayan ng Nabua lugar ng Paloyon Oriental, Sta Lucia, Sto Domingo, La Purisima, Paloyon Proper, Bustrac, La Opinion, Santiago Young, Lourdes Old, Lourdes Young, Sta Cruz, San Antonio Ogbon, San Vicente Ogbon at San Miguel ang lahat ng datos na natuklasan ng mananaliksik.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved




Pigura 1. Balangkas Analitikal

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

## III. Results at Diskusyon

Ginamit ng mananaliksik ang Qualitative – Narrative (Kuwalitatibo-Naratibong Pananaliksik) na naglalayong makakalap at mailahad ang iba't ibang detalyadong kuwento. Kaugnay na nga rito ang personal na mga karanasan sa pakikipamuhay at obserbasyon sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito. Maingat na pakikipanayam, pagsusuri, nag-uusisa, pagkuha ng ilang mga mahahalagang larawan at ekploratori. Ayon sa pag-aaral ni Margolis, sinasaad na nagmumula sa bawat tao ang iba't ibang kuwento na maaaring magpasalin-salin sa bawat henerasyon na kung saan mabibigyang tugon ang mga bokabularyo at kahulugan ng mga pangyayari sa ating sanlibutan. Pinapatnubayan ang disenyong ito ng paniniwalang ang bawat pakikisalamuha sa tao ang siyang magiging batayan ng mga impormasyon o kuwento na maaaring mula sa kanilang karanasan o mga pasalindila lamang.

Sa makabuluhan na pag-aaral na ito, matapos ang pananatili ang mananaliksik ng ilang buwan at oras na ginugol sa pagdodokumento, pag-oobserba at pangangalap ng mga datos sa pakikipagpanayam at pakikisalamuha sa lugar sa taong 2022. Inorganisa sa paraang maiintindihan ng mambabasa nito sa pamamagitan ng transkripsyon at vertamin. Ginamit ang paraang ito upang maging malinaw na mailahad ang mga nakalap na datos mula sa mga partisipant sa pamamagitan ng pakikipanayam

Sa panimula, buwan ng Agosto 2022 nagsimulang kumalap ng mga datos ang mananaliksik sa bawat barangay ng Nabua: Paloyon Oriental, Sta Lucia, Sto Domingo, La Purisima, Paloyon Proper, Bustrac, La Opinion, Santiago Young, Lourdes Old, Lourdes Young, Sta Cruz, San Antonio Ogbon, San Vicente Ogbon at San Miguel na makikita sa sunod na pahina ang Plate ng mapa ng Camarines at ang bayan ng Nabua kasama ang mga barangay nito. Hindi naging madali ang pagkalap ng mga impormasyon dahil na rin sa ilang lugar na liblib na ito at dahil na rin sa mga participant na nahihirapan na sa pagbibigay ng impormasyon dala nang kanilang katandaan. Irenikomenda ng mga opisyal ng barangay ang mga nasabing respondente na bantog sa kanilang lugar na maaaring makapanayam at makapagbigay impormasyon kaugnay sa pag-aaral. Makalipas ang ilang buwan upang malikom ang lahat ng datos na kinakailangan, maayos na sinuri at sinalin sa Filipino ang bawat kuwento at inorganisa ng mananaliksik batay sa kultural na dimensyon na kinabibilangan tulad ng tradisyon, relihiyon, pamumuhay at kaugalian.

Pagkatapos isinagawa ang pag oobserba, pakikisalamuha, pagdodokumento at pakikipanayam, inihanda ng mananaliksik ang manuskrito. Ibinalida rin ang manuskrito at dumaan sa pagpapa edit para sa pagsasapinal at paghahanda sa pagpapalimbag ng mananaliksik. Ang sinagawang balidasyon, kinabibilangan ng tatlong guro sa Filipino na naninirahan mismo sa lugar ng Nabua upang lubusang masuri ang nakuhang impormasyon na naaayon, wasto at tama.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

## IV. Konklusyon

1. Masasabing buhay na buhay pa rin sa bawat lugar maging sa mga mamamayan ang mga natatagong yamang panitikan tulad ng kanilang mga maikling kuwento na nag uugat pa sa kanilang kasaysayan, pang-araw-araw na pamumuhay, sa mga ninuno at karanasan na maibabahagi nila sa mga susunod na henerasyon. Kailangang imulat ang bawat isa upang manatili at hindi mawala ang kanilang mga pasalindilang kwento. Dapat na epreserba ang mga kuwento at maging batayan ng bawat isa na dapat hukayin sa nakaraan at ipamalas ito sa kasalukuyang panahon na dapat ipagmalaki ng sangkatauhan.

2. Nakita sa iba't ibang maikling ang sumasalamin sa tradisyon na mga Nabueñan tulad na lamang ng mga pasunod sunod na hakbang mula sa panliligaw hanggang matapos ang kasal. Ang Relihiyong karamihan na nakasanib sa Romano Katoliko na patuloy na naniniwala sa pananampalataya sa Diyos, mga milagro, panata sa kahilingan o pagpapasalamat at ang paniniwala sa mga imahen o sa panginoon na walang kapantay. Mas higit na magiging maunlad ang pamayanan kung mas magiging maayos ang pamumuhay ng tao tulad na lamang ng pagsasaka, pagtatanim at iba pa upang maging masagana ang buhay, marami ang maaning produkto at pagpapahalaga sa pagkakaroon ng magandang kalusugan at pagkain sa araw-araw. At bahagi rin dito ang Kaugalian na ipinapakita na pagiging inggitira sa anumang bagay, magandang pakikisalamuha, pag-alala sa kabutihang ginawa, pakikibagay at ang ugaling pinapakita sa gawi o pananalita na kung minsan nakakasama na sa pagtingin ng iba. Subalit marami pa rin naman kabuting pag-uugali ang nasalamin sa iba't ibang kwento sa bayan ng Nabua.

3. Nanatiling puro pa rin ang kanilang panitikang maikling kuwento na sumasalamin sa tradisyon, relihiyon, pamumuhay at kaugalian bagaman dahil sa rumaragasang modernisasyon may mga ilan na ring nakakalimot nito at napapalitan ng ilang kuwento na mula sa social media tulad ng k-drama, watpad, at iba pa. Hindi masama ang pagtuklas ng mga bagong panitikan o kuwento lalo na kung nakapaloob pa rin sa mga ito na sumasalamin sa pagkakakilanlan at lahing Pilipino.

4. Mula sa suliranin ito, bilang panukala gumawa ng mga karagdagang kagamitang pampagkatuto ang mananaliksik upang higit na mapreserba, mapaunlad at mapagyaman ang maikling kuwento ng Nabua na sumasalamin sa kultural na dimensyon nito. Matutunghayan ito sa aklat na " SIKLO" (Maikling Kuwento na salamin sa kultural na dimensyon: Tradisyon, Relihiyon, Pamumuhay at Kaugalian). Nakapaloob dito ang mga natatanging yamang panitikan na natuklasan o nakalap upang mabasa ng mga tao sa pagtuklas ng mga kwento mula sa mga ninuno o nakaraan. Mapapansin ang salitang Siklo na nangangahulugan na paulit-ulit na pagbalik sa nakaraan upang malaman ng kasalukuyan ang mga natatagong yamang panitikan. Hitik rin ito sa mga aral mula sa kanilang kaugalian na nagtuturo ng asal maging sa tradisyon at pakikipamuhay. Mga kuwento na puro at nananatiling matatag sa pagbabago ng mundo sa pagiging moderno. At makikita ang ilang mga kapamaraanan, pakikisalamuha, pagsasagawa, at hakbangin sa iba't ibang gawain at tradisyon na nagpapamalas ng pagkakakilanlan. Higit sa

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

lahat mababanaag rin dito ang tunay na pananampalataya at paniniwala ng mga tao bilang tunay na Pilipino sa kabila ng impluwensiya ng ibang lahi.

## Mga Sanggunian

**MGA LATHALAIN, MANUSKRIPTO, ARTIKULO, DYORNAL**

[1] Genio S. (2000). Kuwentong-Bayan: Bakas ng Sosyo-Kultural na Dimensyon. Master's Tesis ng Pamantasan ng Nueva Caceres Lungsod ng Naga.

[2] Ilagan B. (2021). Panitikang Manide: Kotekstuwalisasyon sa kagamitang Pampagtuturo. Unibersidad de Sta Isabel, Lungsod ng Naga

[3] Kautusang Pangkagawaran Blg. 59, s. 1996. New General Education Curriculum.

[4] Konstitusyon ng Pilipinas,1987, Artikulo XIV, Sec.7.

[5] Lanuza J. et. al.,(1997) Nabua Town Fiesta, May 3 & 4, 1997, Souvenir Program by Nabua National High School Class '56 Organization under the authority of the Nabua Local Government Unit and the Nabua Cultural Founadtion, Inc.

[6] Republic Act 10533 of 2013, Sec. 10 "An Act Enhancing the Philippine Basic Education System by Strengthening its Curriculum and Increasing the Number of Years for Basic Education".

[7] Sauco, C. P. (n.d.). Philippine literature, regional [Panitikan ng Pilipinas, panrehiyon]. Goodwill Trading Co.

**MGA DI NALATHALANG PANANALIKSIK**

[8] Celeste N. (2016). Mga Tayutay Sa Literaturang Bikol: Tungo Sa Pagbuo Ng Kagamitang Pampagtuturo. Di-Nailathalang Disertasyon ng University of Nueva Caceres. Lungsod Naga.

[9] Gambosa R. (2018) Malikhaing Kalap ng mga Alamat para sa Yamang Pampanitikan ng Pamplona. Di-Nailathalang Disertasyon, University of Nueva Caceres, Lungsod ng Naga.

[10] Monforte J. (2015). Mga Salaysaying- Bayan Sa Partido: Sulyap sa Pagkakakilanlan. Di-Nalathalang Master's Tesis ng Pamantasan Ng Nueva Caceres. Lungsod Naga.

[11] Taday M. (2017). Debelopment at Katanggapan ng Konstruktibismong Gabay sa Pagtuturo ng mga Kasanayan sa Filipino. Di-Nailathalang Tesis ng Pamantasan ng Nueva Caceres. Lungsod Naga.

**INTERNET**

[12] Aguila C.J. (2017). Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan. Philippine Science High School-Main Campus (Diliman). The Normal Lights. Volume 11, No. 1.

[13] Balaton M.F. et. al. (retrieved 2020). Central Bicol State University of Agriculture.Pili,CamarinesSur.https://www.academia.edu/37711877/Tapos_na_talaga_.

[14] Cuizon R. (2014). Meta Analisis sa Pagsusuri ng Maiikling Kwento sa mga Tesis at Disertasyon. J.H. Cerilles State College, Mati, San Miguel, Zambaonga del Sur, PHILIPPINES. redzcuizon@yahoo.com. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com | Volume 2, No. 5.

[15] Gorumba J. (2019). Pagsasalin at Pagsusuri ng Akdang Panitikan ni Jesus Sanchez. Palompon Institute of Technology, Leyte, Phlippines. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1. jennifer.gorumba@yahoo.com. www.apjmr.com.

[16] https://en.m.wikipedia.org/wiki/Nabua. Nakuha: Marso 23, 2022

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

[17] https://www.coursehero.com/file/p44ccdg/IV-Pag-aanalisa-at-Pagsusuri-ng Datos-Matapos-ang-panayam-at-pangangalap-ng/.
[18] Llaneta R. (2020). Karunungang-bayang Irosanon: Isang pagtalunton. International Journal of Research Studies in Education 2020 Volume 9

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved